ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

PAGSUSURING PORMASYON SA MGA REHISTRO NG ASIN TIBUOK SA BAYAN NG ALBURQUERQUE, BOHOL

Jenny C. Galanida[1], Ethel S. Doria , PhD.[2]
[1]*Dr. Cecilio Putong National High School , Tagbilaran City, Bohol*
[2]*Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol*
Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20465
DOI No: 10.36713/epra20465

ABSTRAK

Ang Asin Tibuok ay isang natatanging asin mula sa bayan ng Alburquerque, Bohol, na kinikilala hindi lamang sa Pilipinas kundi pati sa ibang bansa. Bahagi ng industriyang ito ang natatanging rehistro ng wika na ginagamit ng mga asindero sa paggawa ng asin. Nakasandig ang pag-aaral na ito sa mga teoryang Cultural Schema at Word Formation. Layunin ng pag-aaral na ito na ilahad ang mga rehistro sa paggawa ng Asin Tibuok na may kaugnayan sa proseso, kagamitan at kultural na aspeto, paraan ng pagkakabuo ng mga piling rehistro sa industriya ng Asin Tibuok. Ginamit ang kwalitatibong-deskriptibong pamamaraan, kung saan isinagawa ang panayam sa mga manggagawa ng Asin Tibuok sa Barangay Sta. Filomena, Alburquerque. Mula sa kanilang sagot, naitala at nasuri ang mga rehistrong ginagamit batay sa proseso, kagamitan, at kulturang aspeto ng paggawa ng asin. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga rehistrong nalikom ay nagpapakita ng kakayahan ng wika bilang tagapaghatid ng kaalaman at kasanayan sa isang partikular na larangan. Ipinapakita rin nito ang kahalagahan ng rehistro sa pagpapanatili ng kulturang kaugnay ng industriya ng Asin Tibuok. Dahil dito, mahalagang mapanatili at maipasa ang mga rehistrong ito sa susunod na henerasyon sa pamamagitan ng sa pagsasanib sa mga talakayan sa Senior High School sang-ayon sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon.

MGA SUSING SALITA – *asindero, mang-asinay, Asin Tibuok, rehistro, leksikal-semantik, pormasyon ng salita, proseso, kagamitan, kultural na aspeto*

1.0 INTRODUKSYON

Sa paghahanap-buhay, bawat indibidwal ay naging bahagi ng mas malaking mundo ng paggawa kung saan kinakailangan niyang maging aktibong bahagi nito sa pamamagitan ng pagkilos at pakikipag-interaksyon. Makapangyarihan ang wika upang mapabilang sa isang grupo at makalahok nang mabisa sa paggawa at ito ang naging dahilan kung bakit umuusbong ang isang rehistro.

Katulad na lamang ng natatanging industriya sa paggawa ng Asin Tibuok sa lugar ng Albuquerque, Bohol, umusbong ang wikang ginagamit sa kanilang paggawa at kalakal at sa pamamagitan nito nagiging posible ang bawat transaksyon.

Ang komplikadong proseso sa paggawa ng Asin Tibuok ay nangangailangan ng maingat at masusing atensyon sa bawat detalye nito. Nabanggit sa isang artikulo ni Dicarlo (2022) na ang makasaysayang paggawa ng Asin Tibuok ay malapit nang humantong sa huling yugto at nanganganib na kailanman ay hindi na malalasahan ang kulturang pamana ng mga ninuno. Ito rin ang panganib sa mayamang rehistro ng natatanging paggawa ng asin na ito.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa rehistro ng wika, makakukuha ang mga mananaliksik ng kaalaman tungkol sa mga tradisyonal na kaalaman, praktis, at kultural na kahalagahan ng Asin Tibuok. Ang pag-aaral na ito ay makakatulong sa pagpapanatili at pagpapalaganap ng kultural na pamanang kaugnay ng tradisyonal na praktis na ito, na nangangahulugang ang mga linggwistiko at kultural na aspeto nito ay hindi mawawala magpakailanman. Nagaganap ang mahalagang pagsasalin ng mga kaalaman sa rehistro ng wika sa eskwelahan na isang mahalagang daluyan ng kultura sa pamamagitan ng lokalisasyon at kontekstwalisasyon ng mga aralin. Sa ganitong paraan, naipapasa sa batang henerasyon ang mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kanilang sariling kultura, mga lokal na tradisyon at praktis.

Naihahanay rin ang tunguhing ito sa adbokasiya ng United Nations, ayon sa Target 11.4 ng mga Layunin para sa Pagpapaunlad na Tapat at Target ng Kaunlaran, partikular sa indikator na 11.4.1, kung saan layunin ng pandaigdigang komunidad na palakasin ang mga pagsisikap upang pangalagaan at nang wastong pamahalaan ang mga pook ng kultural at natural na pamana sa buong mundo.

Kung kaya napagtanto ng mananaliksik, sang-ayon na rin sa kanyang kasanayan at kakayahan bilang guro ng wika, na makabuluhan ang pag-aaral na ito upang mapayaman ang kontekstwalisasyon at lokalisasyon ng kanyang pagtuturo. Ang mananaliksik ay naudyok na pag-aralan ang paggawa ng Asin Tibuok sa kadahilanang ninanais ng mananaliksik na matuklasan ang natatanging bokabularyo sa paggawa ng Asin Tibuok na may kinalaman sa produksiyon, kalakal, at pamanang kultura at matukoy ang pormasyon ng mga salitang ito.

2.0 LAYUNIN NG PAG-AARAL

Nilalayon ng pag-aaral na ito na:

1. Maitala ang mga rehistro ng paggawa ng asin na Asin Tibuok.na may kinalaman sa:
   1.1 kagamitan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

1.2 proseso
1.3 kultural na aspeto

2. Magsagawa ng pagsusuri ng mga salitang may kinalaman sa paggawa ng Asin Tibuok na nalikom mula sa pakikipanayam batay sa proseso ng pormasyon ng salita.

3.0 METODOLOHIYA

4.0 DISENYO

Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng kwalitatibo-deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik na nakatuon sa mga datos na nalikom mula sa panayam. Ito ay nagbigay-daan upang makita nang detalyado ang bagay na sinuri at ganap na maunawaan ang mga katangian at likas na anyo na taglay nito. (Furidha, 2023) Isinagawa ang pagsusuring pormasyon ng salita gamit ang "content analysis" o pagsusuring pangnilalaman sa gawaing ito. Sa pamamagitan ng mga pamamaraang ito ay nabigyan ng mas malalim at mas komprehensibong pagsusuri na nagresulta sa pagkakaroon ng kalidad na mga datos at komprehensibong resulta.

5.0 LUGAR NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik ay isasagawa sa Sta. Filomena Alburquerque, Bohol, isa sa labing-isang barangay na matatagpuan sa Alburquerque. Matatagpuan ang barangay na ito malapit sa baybayin kung saan makikita rin ang mga pagawaan ng Asin Tibuok dahil sa proksimidad ng mapagkukunang materyal na tubig-dagat na siyang ginagawang asin at sa tubig-dagat na siyang pinagbabaran ng bunot o balat ng niyog. Ayon sa artikulong isinulat ni Yankowski, 2007 ang bayan ng Sta. Filomena ay pinakamalaking komunidad na gumagawa ng asin sa probinsya ng Bohol at ang pinaka-aktibong lugar ng paggawa ng asin noong nakaraang panahon.

KALAHOK NG PAG-AARAL

Ang mga kalahok sa pananaliksik ay anim (6) na impormante na aktwal na gumagawa ng Asin Tibuok. Sila ang mga piling manggagawa na may malawak na karanasan na sa paggawa ng Asin Tibuok. Tatlong ekspertong tagasuri na titiyak sa kawastuhan ng pagsusuri na ginawa ng mananaliksik at sisiguro sa kalidad ng mga impormasyon. Ang pananaliksik na ito ay gagamit ng *purposive sampling* sa kadahilanang isasama ang mga kalahok na may partikular na mga katangian, karanasan, o kaalaman sa pag-aasin.

INSTRUMENTO NG PAG-AARAL

Ang instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito para makalikom ng datos ay ang gabay na tanong sa panayam na sariling likha ng mananaliksik. Ang panayam ay binubuo ng limang katanungan na napatutungkol sa kagamitan, kalakalan, proseso, at maging sa kultural na aspeto ng paggawa ng Asin Tibuok. Para mas maintindihan at maunawaan nang mabuti ng mga impormante ang mga katanungan ay nagkaroon ng pagsasalin mula sa wikang Filipino at sa wikang kanilang maiintindihan (Wikang Cebuano). Bago ang itinakdang araw ng pangangalap ng datos ay isinubok ang gabay na tanong sa panayam sa ibang manggagawa ng asin sa kabilang barangay.

PAMAMARAAN NG PAGLIKOM NG DATOS

Nagpadala ng liham ang mananaliksik sa alkalde ng barangay Sta. Filomena at maging sa presidente ng organisasyong *Kapunungan sa Mang-asinay sa Alburquerque* (KaSaMa) upang humingi ng pahintulot sa pagsasagawa ng naturang pag-aaral. Nagtakda rin ng may-alam na pahintulot ang mananaliksik sa mga natukoy na impormante para sa gagawing panayam para malaman kung sila ba ay papayag sa nasabing panayam. Isinagawa ang malalimang panayam sa mismong lugar kung saan sila gumagawa ng Asin Tibuok. Matapos ang panayam at malikom ang iba't ibang rehistro sa paggawa ng Asin Tibuok ay sinimulan ang pagsusuri sa mga rehistrong nalikom.

6.0 RESULTA NG PAG-AARAL

Sa bahaging ito makikita ang paglalahad, pagsusuri at interpretasyon ng mga nalikom na rehistro na kaugnayan sa paggawa ng Asin Tibuok sa bayan ng Alburquerque.

Talahanayan 1

Listahan ng mga Bokabularyo na may Kinalaman sa Kagamitan, Proseso at Kultural na Aspeto sa Paggawa ng Asin Tibuok

Mga Rehistro sa Paggawa ng Asin Tibuok

Kagamitan	Proseso	Kultural na Aspeto
Bunot	Humolan	Tumug
Lata	Mahumol	Gasang
Lagang	Habwaon	Tasik
Paril	Tadtarun	Buway
Pasong	Itabon	Bika
Sundang	Nagdaob	Ingli
Tadtaran	Salibohan	Lubot sa kun
Buwayan	Pagsalibo	Nipis
tubig-dagat	Pabukalan	Liki
K'un	itib-ug	Sagsag
	Ituson	
	Ibuwad	
	pang-pilter	
	i-pilter	
	mag-pile	

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Mauunawaan sa talahanayan sa itaas na ang mga rehistrong nalikom ay ikinategorya sa tatlong pangkat. Una kagamitan, na tumutukoy sa mga materyales o bagay na ginagamit sa paggawa ng Asin Tibuok. Ikalawa proseso, na tumutukoy sa mga hakbang o aksyon na kinakailangang gawin sa paggawa ng Asin Tibuok at pangatlong kategorya ay ang kultural na aspeto na tumutukoy naman sa mga rehistro na nagtataglay ng malaking kaugnayan sa tradisyon ng paggawa ng Asin Tibuok sapagkat naging daan ang mga salitang ito sa pagpapanatili at pagpapasa ng nasabing kultura at tradisyon sa susunod na mga henerasyon.

Lumalabas sa talahanayang ito na mas maraming rehistro ang nakolekta sa larangan ng proseso sa paggawa ng Asin Tibuok kung saan nakapagtala ang mananaliksik ng labing-anim (16) rehistro na may kinalaman sa proseso. Ang mga prosesong ito ay kinapapalooban ng paghahanda ng mga pangunahing materyales gaya ng bunot o balat ng niyog, pagbabad sa tubig-dagat, pagtadtad sa mga ito, pagbibilad, pagsunog, pag-pilter, pagpapakulo at pagpapatigas sa *tasik* hanggang sa maging Asin Tibuok.

Ang ikalawang kategorya na nakakuha ng maraming tala ay ang kagamitan. Nakapagtala ng sampung (10) rehistro ang kategoryang ito. Kapuna-puna sa mga rehistrong nalikom na karamihan sa mga ito ay nagtataglay lamang ng salitang-ugat gaya ng mga salitang bunot, lata, lagang, paril, pasong, sundang, tubig-dagat at kun maliban na lamang sa salitang buwayan at tadtaran na kapwa nagtataglay ng panlaping-an. Ang rehistrong nagtataglay ng payak na salita ay direktang tumutukoy sa mga pangunahing kagamitan o konsepto na walang kinakailangang karagdagang paglalarawan. Sa konteksto ng paggawa ng Asin Tibuok, ang mga terminong bunot, lata, lagang, paril, pasong, sundang, tubig-dagat at k'un ay sapat na upang maiparating ang kahulugan nang walang pangangailangan ng mga panlapi.

Sa bahaging kultural na aspeto naman ay may bilang na sampu (10) na rehistro ang naitala. Ang mga salitang napabibilang dito ay ang mga rehistro na may malaking kaugnayan sa kultura ng paggawa ng Asin Tibuok sapagkat ang mga rehistrong ito ay tangi lamang sa paggawa ng asin gaya ng mga salitang *gasang, tumug, buway, ingli* at *liki* mga salitang may kultural na kahulugan na lampas sa literal nitong kahulugan gaya ng mga salitang *liki* at *nipis.* Dagdag pa rito, ang mga rehistrong nakatala sa kategoryang ito ay hindi lamang mga teknikal na termino sa industriya ng paggawa ng asin kundi nagiging daan din ang mga salitang ito sa pagbabahagi ng isang tradisyonal na karununggan sa tulong ng wika.

Talahanayan 2

Listahan ng mga Kagamitan sa Paggawa ng Asin Tibuok - Paraan ng Pagkakabuo at Pormasyon ng Salita.

Mga Rehistrong Nalikom	Paraan ng Pagkakabuo	Pormasyon ng Salita
Bunot	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Lata	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Lagang	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Paril	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Pasong	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Sundang	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Buwayan	Salitang-ugat + Paghuhulapi *buway + an*	Derivation
tubig-dagat	Tambalang salita *Tubig + dagat*	Compounding
K'un	Salitang-ugat + Pagkakaltas *Kulon~K'un*	Clipping
Tadtaran	Salitang-ugat + Paghuhulapi *Tadtad + an*	Derivation

Ang mga rehistro sa talahanayan sa ibaba ay tinipon at sinipat base sa pormasyon ng salita kung saan ang nakolektang rehistro ay nahahati sa tatlong kategorya. Ang mga rehistrong napabibilang sa proseso, kagamitan at kultural na aspeto. Sa Talahanayan 2 makikita na may sampung (10) rehistro ang napabibilang sa kagamitan sa pagbuo ng Asin Tibuok. Dito ay makikita ang rehistrong napabibilang sa derivation, clipping at compounding na pormasyon ng salita at kapansin-pansin rin ang mga rehistrong naitala na halimbawa ng lokal na terminolohiya.

Ang rehistrong *buwayan* at *tadtaran* ay nabibilang sa uring *derivation* o deribasyon sa kadahilanang ang mga salitang ito ay nabuo sa pamamagitan ng paglalapi sa salitang-ugat. Mapapansin rin na parehong hulaping *-an* ang naidagdag sa salitang-ugat, kung saan ipinahihiwatig ng bagong salitang nabuo na ito ay nauugnay sa isang lugar o bagay na taglay ng salitang-ugat. Sa rehistrong *tadtaran* (chopping board), kapansin-pansin na ang pagbabago ng baybay ng nabuong salita kung saan kinaltas ang huling letra ng salitang-ugat na *tadtad* (to chop) at napalitan ng letrang /r/ bago idinugtong ang panlaping -an. Ang pagbabagong ito ay dulot ng tinatawag na *intervocalic voicing* o *flapping*, isang karaniwang proseso sa ilang mga wika at dayalekto. Nabanggit sa pag-aaral ni Picard, 1997 ang pahayag ni Carr (1993:178), na ang patakaran ng *Flapping* sa American English ay nagdudulot ng pagbabago sa mga tunog na /t/ at /d/ na nasa pagitan ng dalawang patinig (intervocalic) upang maging isang *voiced alveolar tap [ɾ].* Ibig sabihin, kapag ang /t/ o /d/ ay napapagitnaan ng mga patinig, ito ay binibigkas bilang isang mabilis na pag-tap ng dila sa alveolar ridge, na nagreresulta sa tunog na [ɾ]. Samantala, inilalarawan ni Wardhaugh (1995:203) ang tunog na ito bilang isang mabilis na pag-tap ng dila sa alveolar ridge, na teknikal na tinatawag na flap. Sa madaling salita, ang flapping ay isang proseso kung

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

saan ang mga tunog na /t/ at /d/ sa pagitan ng mga patinig ay nagiging isang mabilis at maikling tunog na [ɾ], na parang isang mabilis na pag-tap ng dila sa itaas na bahagi ng bibig malapit sa mga ngipin

Sa dayalekto ng Bol-anon, masasabing mayroong ganitong ponolohikal na proseso na nagaganap kung saan ang letrang /d/ sa pagitan ng dalawang patinig ay nagiging /r/. Kung kaya dahil dito, ang tadtad na nilagyan ng hulaping -an ay naging tadtaran, kung saan ang huling /d/ sa taglay nitong salitang-ugat ay napapalitan ng /r/ dahil nasa pagitan ito ng dalawang patinig.

Maliban sa deribasyon, makikita rin ang uring *compounding* sa rehistrong *tubig-dagat* na mula sa dalawang salitang-ugat na pinagtambal ang salitang tubig at dagat. Maliban sa dalawang nabanggit na pormasyon ang rehistrong *k'un* na mula sa salitang kulon ay kakikitaan ng uring *clipping* kung saan may bahagi ng salita ang kinaltas, ang mga letrang /l/ at /o/, para makabuo ng isang bagong salita. Kapuna-puna na nananatili pa rin ang kahulugan ng salita sa kulon (palayok) o *k'un* na ibig sabihin ay isang kagamitan sa pagluluto sapagkat malayang nagaganap ang pagkakaltas ng mga letra sa sa mga salitang Bol-anon dahil sa likas na paraan ito ng kanilang pagsasalita, bagay na ikinatutulad sa wikang Filipino.

Samantala ang mga salitang *bunot, lata, lagang, paril, pasong at sundang* ay mga salitang mula sa lokal na terminolohiya at hindi napabibilang sa uri ng Word Formation ni George Yule. Ang mga salitang ito ay maituturing na malayang morpema sapagkat nagtataglay ang mga ito ng isang buong diwa.

Talahanayan 3

Listahan ng mga Proseso na nakapaloob sa paggawa ng Asin Tibuok, paraan ng pagkakabuo at pormasyon ng salita.

Mga Rehistrong Nalikom	Paraan ng Pagkakabuo	Pormasyon ng Salita
Humolan	Salitang-ugat + Paghuhulapi ***humol + an***	Derivation
Mahumol	Pag-uunlapi + Salitang-ugat ***ma + humol***	Derivation
Habwaon	Salitang-ugat + Paghuhulapi ***habwa + on***	Derivation
Tadtaron	Salitang-ugat + Paghuhulapi ***tadtad + on***	Derivation
Itabon	Pag-uunlapi + Salitang-ugat ***i + tabon***	Derivation
Nagdaob	Pag-uunlapi + Salitang-ugat ***nag + daob***	Derivation
Salibohan	Salitang-ugat + Paghuhulapi ***salibo + han***	Derivation
Pagsalibo	Pag-uunlapi + Salitang-ugat ***pag + salibo***	Derivation
Pabukalan	Pag-uunlapi + Salitang-ugat + Paghuhulapi ***pa + bukal + an***	Derivation
itib-ug	Pag-uunlapi + Salitang-ugat ***i + tib-ug***	Derivation
Ituson	Salitang-ugat + Paghuhulapi ***itus + on***	Derivation
Ibuwad	Pag-uunlapi + Salitang-Ugat ***i + buwad***	Derivation
pang-pilter	pang (Derivation) pilter ~ *filter* (Borrowing - English)	Multiple Process
i-pilter	i (derivation) pilter ~ *filter* (Borrowing - English)	Multiple Process
mag-pile	mag (Derivation) Pile ~ *pile* (Borrowing-English)	Multiple Process
mauga-uga	ma (Derivation) uga-uga (Reduplication)	Multiple Process

Sa **Talahanayan 3** naman, makikita ang mga rehistro na may kaugnayan sa proseso ng paggawa ng Asin Tibuok. May kabuuang bilang na labindalawa (12) ang naitala sa kategoryang ito. Makikita rin ang pormasyong deribasyon at multiple process sa kategoryang ito. Sa uring derivation may limang (5) rehistro ang nabuo sa pamamagitan nga paghuhulapi o paglalapi sa hulihang bahagi ng salitang-ugat. Mapapansin ring ang mga hulaping ginamit ay -an, -han, at -on. Maliban sa paghuhulapi sa salita, mayroon ding anim (6) rehistro na nabuo sa pamamagitan ng pag-uunlapi sa mga salitang-ugat na taglay nito. Ang mga unlaping -nag, -i, -ma, at -pag sa mga rehistrong ito ay nagpapahiwatig ng mga panlaping nauugnay sa kilos o aksyon na isinagawa ng tao gaya ng mga nabuong salita na *nagdaob, ibuwad, itib-ug, mahumol* at *pagsalibo*. Samantalang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang rehistrong *pabukalan* naman ay nagtataglay ng unlaping -pa at hulaping -an. Kapansin-pansin sa talahayan na ito na may mga rehistrong paulit-ulit na naitala subalit magkaiba ang panlaping ikinakabit, sa kadahilanang nakadepende ang pagkakagamit ng salitang ito sa sitwasyong kinabibilangan. Halimbawa na lamang ang salitang *humol*, kapag inunlapian ng -ma , ay magiging mahumol ay tumutukoy sa isang kalagayan o sitwasyon ng isang bagay na inilulublob sa tubig, habang ang paghuhulapi naman nito ng -an , na nagreresulta sa salitang humolan ay nangangahulugang naglalarawan sa isang lugar o bagay na pinag-uukulan ng kilos o aksyon. Maliban sa pormasyong derivation, makikita rin sa kategoryang ito ang pormasyong multiple process na nakapagtala ng dalawang (4) mga rehistro ang *pang-pilter*, *i-pilter*, mag-pile at mauga-uga . Ang *pang-pilter* at *i-pilter* na mula sa salitang-ugat na *filter*, isang wikang Ingles. Ang pagpapalitan ng ponemang /p/ at /f/ sa salitang Inglis na filter ay di na bago sa usaping pangwika lalo na sa mga salitang hiram mula sa wikang banyaga. Ang pagpapalitan ng mga ponema sa pagbabaybay at pagbigkas lalo na sa mga pang-araw-araw na sitwasyong pangwika ay nakagawian gamitin ng mga ispiker, ang pagpapalitan ng mga ponemang /f/ at /p/ sa kadahilanang mas madali itong bigkasin at nakasanayan na rin nila. Maaaring ang pagbabagong ito sa tunog ng isang salita ay dahil sa impluwensya ng mga rehiyonal na diyalekto, bilis ng pagsasalita, o ang pakiramdam ng mga nagsasalita na maaaring mas magaan o mas madali ang bigkas ng isa pang tunog. Dagdag pa nito ang salitang filter ay isang salitang banyaga, ang mga ganitong pagbabago ay karaniwan sa mga wika na kumukuha ng mga banyagang salita at iniangkop ito sa kanilang likas na tunog at estruktura ng wika. Hindi pangkaraniwan sa mga katutubong tunog ang /f/ kaya marahil sa paglipas ng panahon ay nagiging normal na ang paggamit ng ponemang /p/ sa halip na /f/. Pinatunayan ito sa pananaliksik ni Dumanig (2004), ang pagpapalit ng /p/ at /f/ sa pagsasalita ng mga Pilipino ay isang malinaw na halimbawa ng *allophonic variation*, na dulot ng kawalan ng /f/ sa maraming katutubong wika sa Pilipinas. Ipinapakita ng pananaliksik na ang *segment substitution* ay mas madalas sa mga hindi pormal na tagapagsalita ng Ingles, lalo na sa mga nasa mababang antas ng sosyo-ekonomikong klase.

Makikita rin sa talahayan ang panlaping -i at -pang na idinudugtong sa salitang pilter upang mabuo ang mga salitang i-pilter at pang-pilter. Makikita sa rehistrong ito na magkapareho man ang salitang-ugat subalit magkaiba ang kontekstong taglay nito dulot ng mga panlaping idinudugtong dito. Ang panlaping -pang ay ikinakabit sa salitang pilter upang maipakita ang gamit o layunin ng isang bagay. Samantala ang panlaping -i sa salitang *pilter o filter***,** ito ay nagiging isang pandiwa na nagsasaad ng pagkilos na may layuning gawin ang isinasaad ng salitang-ugat. Sa kasong ito, ang *i-pilter* ay nangangahulugang *salain o i-filter.* Nagkakaroon ito ng diwang pagpapagawa ng kilos (causative), kaya ang pokus ng pandiwa ay sa layunin o bagay na isasagawa.

Talahanayan 4

Listahan ng mga Salita sa Paggawa ng Asin Tibuok na Nagtataglay ng Kultural na Aspeto, Paraan ng Pagkakabuo at Uri ng Salita.

Mga Rehistrong Nalikom	Paraan ng Pagkakabuo	Uri ng Salita
Tumug	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Gasang	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Tasik	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Buway	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Bika	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Ingli	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Liki	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Lubot sa kun	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Nipis	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya
Sagsag	Salitang-ugat	Lokal na terminolohiya

Sa **Talahanayan 4**, mapapansin na ang mga rehistrong nalikom ay mga lokal na terminolohiya at hindi magagamit bilang halimbawa sa pormasyon ng salita ni George Yule. Ang mga lokal na terminolohiya ay mga salita sa isang tiyak na lugar, komunidad, o rehiyon. Ito ay karaniwang mga terminong nauugnay sa mga tradisyon, kultura, at pang-araw-araw na buhay ng mga tao sa isang partikular na lokalidad. Ang mga salitang tumug, gasang, tasik, buway, bika, ingli, liki at lubot sa kun ay mga lokal na terminolohiya na tangi lamang sa paggawa ng Asin Tibuok at may malaking kaugnayan sa paggawa ng asin.

Alinsunod kay Silawan at Borong na nabanggit sa pag-aaral nina Lacondazo et al. (2024), maituturing na ang bawat okupasyon ay may sariling wika na ang mga wikang ito ay nagbibigay pagkakakilanlan. Kapag banggitin ang salitang pukot at taga agad makilala ng mga kausap na ito ay mangingisda. Ang pukot at taga ay walang pagkakaiba sa katawagan sa alinmang bayan ng Sogod Bay. Katulad sa pangingisda, sa paghahabi ng kawayan ay mayroon ding sariling wika na ginagamit ang mga maghahabing Sudipenian sa buong proseso ng kanilang paglikha ng mga natatanging produktong nagpapahiwatig ng hindi lamang ng kanilang identidad kundi maging ang kanilang kultura. Hindi rin mailalayo rito ang industriya ng paggawa ng Asin Tibuok sa bayan ng Alburquerque, kung saan ang mga salitang tumug, gasang, tasik, buway, bika, ingli, liki , lubot sa kun at nipis ay mga salitang may malaking kaugnayan sa tradisyon ng mga taga-Alburquerque sa paggawa ng Asin Tibuok na nakatutulong para mapabuti ang kalakalan. Halimbawa na lamang nito ang mga salitang buway at ingli na tangi lamang sa industriyang ito sapagkat natatangi lamang sa kultura ng paggawa ng asin, partikular sa tradisyon ng paggawa ng Asin Tibuok ang mga salitang ito**.** Dagdag pa rito malapit ang mga salitang ito sa mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kaugalian, proseso, at kontekstong pangkultura na eksklusibo sa mga pamayanang gumagawa nito gaya ng bayan ng Albur. Ang paggamit ng mga salitang ito ay nagpapakita ng malalim na kaugnayan ng komunidad sa kanilang lokal na kalikasan, tradisyon, at pamumuhay.

Impormante 3 "Mga pito ka-oras ang pagtib-ug sa kun ug tasik , ituson to hangtud maluto ang asin. Hangtod mailhan nimo nga luto na kung mapuno ang k'un ug mobaga ang iyang ingli, kay maliki na ang lubot sa kun ug mataktak na ang bika sa k'un. Ug maliki ang asin mao nay lig-on ug sakto nga pagkaluto kay baga ang iyang ingli."

Impormante 5 at 6 "Sakto ang pagluto sa asin kung baga ang iyang ingli. Ang mga pino nga asin getawag ug buway."

Impormante 2 "Naay mga asin ani nga utruhon ug luto kay wala namao, nipis ra ang ingli , mao utruhon na pod ug luto kay ma-rijek, masayang ra."

Base sa mga pahayag ng mga impormante masasabing ang buway at ingli ang makatutulong sa pagtukoy ng kalidad ng Asin Tibuok. Sa pahayag ni impormante 3 sinabi niyang tama ang pagkakaluto ng Asin Tibuok kapag makapal ang ingli na taglay nito. Sang-ayon naman ito sa pahayag ni impormante 5 at 6, kung saan dagdag pa niya ang pino na asin ay tinatawag na buway, ang kabaligtaran ng ingli o matigas na asin na nagbibigay ng hugis at tigas sa Asin Tibuok. Kung pag-uukulan naman ng pansin ang pahayag ni impormante 2, mauunawaan na makakaapekto sa produksyon ng Asin Tibuok ang di-kalidad na produkto lalo na kung sobra ito sa buway at kinulang sa ingli dahil masasayang lang ito at kailangang lutuing muli.

Sa aspetong kultural ang salitang buway at ingli ay naging malaking bahagi na sa tradisyon nga paggawa ng Asin Tibuok. Sa mga asindero ang mga salitang ito ay higit pa sa isang karaniwang bokabularyo – ang mga ito ay bahagi na ng kultural na naratibo sa kanilang industriya na may malaking koneksyon sa kultural na pamana na Asin Tibuok, na dapat kilalanin hindi lamang ng isang maliit na komunidad kundi ng mas malawak na mundo.

May ilan na mang mga rehistro na nabanggit ang ginagamit din sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan ng ilan sa atin gaya ng liki , nipis at lubot sa k'un ngunit sa paggawa ng Asin Tibuok ang mga rehistrong ito ay may malalim at ibang pagpapakahulugang taglay. Sa ordinaryong pakikipagtalastasan sa bayan ng Albur at maging sa probinsiya ng Bohol ang salitang liki ay may katumbas na 'bitak' na tumutukoy sa pagkakaroon ng basag o biyak sa pisikal na anyo ng isang bagay na maaaring palatandaan ng pagkasira nito. Ngunit sa industriya ng paggawa ng Asin Tibuok ang pagkakaroon ng 'liki' sa produkto nila ay isang malaking palatandaan na maayos na pagkakaluto ng asin at magandang kalidad ng produkto. Ang salitang 'nipis' naman sa industriya ng paggawa ng asin ay naglalarawan sa taglay na ingli o matigas na asin ng Asin Tibuok.

Impormante 3 at 4 "Mga pito ka-oras ang pagtib-ug sa kun ug tasik , ituson to hangtud maluto ang asin. Hangtod mailhan nimo nga luto na kung mapuno ang kun ug mobaga ang iyang ingli, kay maliki na ang lubot sa kun ug mataktak na ang bika sa kun. Ug maliki ang asin mao nay lig-on ug sakto nga pagkaluto kay baga ang iyang ingli."

Impormante 3 at 4, "Ang mga sobra sa tasik nga wala nahurot ug sulod sa kun nga naa sa buwayan mao nay getawag ug buway o pino nga asin. Adunay uban nga nipis ang ingli sa ilang nilutong asin , mas daghan ang buway maong wala niliki ug gamay ra usab ang abri."

Batay sa mga naitalang impormasyon na ito, mapatutunayan na ang mga salitang napabibilang sa talahanayan 5 ay mga lokal na terminolohiya na nagtataglay ng kultural na aspeto sapagkat ito ay may malaking kaugnayan sa kultura at tradisyon ng paggawa ng Asin Tibuok. Bukod pa rito, ang mga terminolohiyang ito rin ang nagsisilbing marka o identidad ng nasabing industriya. Nabanggit nga sa pag-aaral ni Lacondazo et al. (2024), ang isa sa mga pinakamahalaga sa tao at lipunan ay ang wika. Samantála ang wika ay nabuo para sa tao at lipunan. Ang pahayag na ito ay akma sa mga nabanggit ni Gleason hinggil sa katangian ng wika na ito ay arbitraryo at bahagi ito ng isang kultura. Ang wika ay nabubúhay sa lipunan kung saan umiiral ang kultura at patuloy itong lumalaganap dahil sa mga táong gumagamit nito.

Bilang isang guro na nagtuturo ng wika nakapagdudulot ng pangamba ang patuloy na pag-usbong ng mga bagong wika na kinahuhumalingan ng mga kabataan ngayon. Ito man ay palatandaan ng patuloy na pag-unlad ng wikang Filipino ngunit hindi maikakaila na nakapagdudulot ito ng unti-unting paglaho ng mga lokal na terminolohiya o wikang kinagisnan ng mga kabataan. Ika nga nina Oriat at Borong, 2021 ang wika ay nakatali sa kultura at nagpakilala kung sino ang tao.

Dagdag pa rito naniniwala sina Botangen, Vodanovich, at Yu [4] na ang pagpreserba ng kultura at tradisyon at ganoon din ng mga lokal na lenggwahe ay isang malaking hamon sa kasalukuyan. Samakatuwid ang pag-aaral na ito ay napakahalaga at malaking ambag sa lungsod ng Albur at maging sa probinsiya ng Bohol sapagkat paraan ito upang makilala ng bagong henerasyon ang kanilang mga lokal na lenggwahe lalong lalo na ang mga lokal na termino na may malaking kaugnayan sa sariling kultura na nagpakilala sa kanilang lugar. Ibig sabihin nararapat lamang itong pahalagahan ang kanilang wika na nagsisilbing kanilang kayamanan.

7.0 KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Tanda ng pagiging buhay na buhay ng kanilang industriya ng tradisyunal na paggawa ng asin sa gitna ng modernisasyon ang mga rehistro na ginamit ng mga mang-asinay sa bayan ng Albur. Bunga ng pagsusuri ng mga proseso ng pagbuo ng salita napatunayan ang pagiging malikhain at masistemang paggamit ng wika upang maipahayag ang iba't ibang kahulugan at konteksto sa produksyon. Ang mga paglalapi at pagbuo ng bagong salita ay nagpapakita ng kakayahan ng wika bilang tagapagdala ng kaalaman at karanasan sa lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 3| March 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Ipinapakita rito ang pagbibigay-diin sa kritikal na papel ng wika bilang isang daluyan ng kaalaman at kasaysayan, gayundin sa kahalagahan ng patuloy na dokumentasyon upang mapanatili at maipasa ang tradisyon sa paggawa ng Asin Tibuok sa susunod pang mga henerasyon.

Batay sa resulta ng pag-aaral, makatutulong kung gagamitin ang mga rehistrong nalikom sa pagsasanib sa mga talakayan sa Senior High School sang-ayon sa lokalisasyon at kontekstwalisasyon at maaari ring lumikha ng repository na maglalaman ng rehistro ng wika sa Asin Tibuok at payamanin pa ito sa pamamagitan ng paglilikom ng mga rehistro sa iba't ibang lokal na industriya, pamamaraan o praktises sa pamumuhay o hanapbuhay ng mga tao sa Bohol.

8.0 LISTAHAN NG SANGGUNIAN

1. *Alam, M. , Mushtaque , M. , Rizwanullah , M. (2023). A Comprehensive Review of the Book Study of Language by George Yule. Scholars Middle East Publishers. https://saudijournals.com/media/articles/SJHSS_85_103-107.pdf*
2. *Asin Tibuok/Asin Tibuok Official Website | Asin TiBook. (2010) Asin Tibook. https://www.asintibook.com/*
3. *De Castro, C. (2020). The Price of Salt. Grid Volume 08.Retrieved March 5,2024, from https://www.gridmagazine.ph/story/asin-tibuok-the-price-of-salt*
4. *Dicarlo, L. (2022). ASIN TIBUOK Rarest of The Philippine Sea Salts [Review of ASIN TIBUOK Rarest of The Philippine Sea Salts]. Xroads Philippine*
5. *Dumanig, F. P. (2004). Phonological Differences of (F) And (V) Among Young Filipino Male and Female Students. INTI Journal, 1(4), 319-330.https://tinyurl.com/4e4jvvpw*
6. *Largo, R.C. Register sa paglilitson: Talisay City, Cebu. (2019). [Cebu Normal University, Philippines]. https://oaji.net/articles/2020/1543-1585281086.pdf*
7. *Nishida, H. (2005). Cultural Schema Theory. https://ci.nii.ac.jp/ncid/BA69971714 Nishida, H. (2005). Cultural Schema. In G. Gudykunst (Ed), Theorizing About Intercultural Communication (pp.402). Google Books. http://tinyurl.com/yc4mcdtu*
8. *Salibay R. , Delos Santos, M. Exploring The Pedagoggy And Cultural Manifestations Of Asin Tibuok. International Journal of Education Humanities and Social Science. https://ijehss.com/uploads2020/EHS_3_93.pdf*
9. *Silawan, F.S. (2022). Register ng Wika sa mga Mangingisda. International Multilingual Journal of Science and Technology – Publish in Your Native Language (ISSN: 2528-9810). https://www.imjst.org/wpcontent/uploads/2022/11/IMJST P29120789.pdf*
10. *Yule, G. (1985). The Study Of Language. Cambridge University Press. http://tinyurl.com/George-Yule*
11. *Picard, M. (1997). English Flapping and the feature [vibrant]. English Language and Linguistics, 1(2), 285–294. https://doi.org/10.1017/s136067430000054x-*
12. *Magno, J. M. (2022). Register of the farmers in the province of Biliran. International Journal of Research Studies in Education, 11(1). https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.212*
13. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR). (2019a). EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) . https://doi.org/10.36713/epra2013*
14. *Oria, R. C., & Borong, N. L. (2021). Persistensi ng Lokal na Wikaing Baybayanon: Isang case study. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, 9(1), 120–125.retreived https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-016a.pdf*
15. *Divine Grace M. Lacondazo, Marco Q. Lapitan, Erika D. Lazaga, Ronel L. Santos, Carrie Ann Shane E. Orine, & Christian C. Gandeza. (2024, July 16). Ang Wika at Kulturang Sudipenian sa Paghahabi ng Kawayan. Puissant.https://puissant.stepacademic.net/puissant/article/download/437/145/*
16. *Furidha, B. W. (2024). Comprehension Of The Descriptive Qualitative Research Method: A Critical Assessment Of The Literature. Journal of Multidisciplinary Research, 1–8. https://doi.org/10.56943/jmr.v2i4.443*